**Pagsasanay sa Filipino 6**

Pangalan ___________________________ Petsa ___________ Marka ______

**Gamit ng mga Pangngalan**
*Kakayahan*: *Natutukoy kung ano ang gamit ng pangngalan sa pangungusap*

Panuto: Tukuyin ang gamit ng pangngalan na may salungguhit. I-type ang sagot sa patlang gamit ang mga titik na sumusunod: **S** (simuno o paksa), **KP** (kaganapang pansimuno), **P** (panawag), **PM** (pamuno), **TL** (tuwirang layon), o **LP** (layon ng pang-ukol).

_____ 1. Ang mga mamamayan ay aktibo sa mga gawaing panlipunan.

_____ 2. Ale, nahulog po ang pitaka ninyo.

_____ 3. Droga ang salot ng maraming lipunan.

_____ 4. Binigyan ng pang-unang lunas ng mga doktor ang mga sugatan.

_____ 5. Nagdiwang ng ika-sampung anibersaryo ang Holy Mary School, ang paaralan nina Trina at Sara.

_____ 6. Nagpahinga ang magsasaka sa ilalim ng malaking puno.

_____ 7. Anu-ano ang mga adhikain mo para sa bayan?

_____ 8. Kapayapaan ang hangad ng mga karaniwang tao sa Iraq.

_____ 9. Huwag kang maniwala sa mga sabi-sabi, Aling Trining.

_____ 10. Si Ate Rosita ay naghanda ng masarap na meryenda para sa ating lahat.

_____ 11. Mahalaga para sa mga Pilipino ang demokrasya.

_____ 12. Sina Roberto at Irene, ang mga magulang ni Sofia, ay dadalo sa salu-salo.

_____ 13. Ayon sa Saligang-Batas, libre ang pag-aaral sa mga pampublikong paaralan.

_____ 14. Ang ating pangangailangan ay natutugunan ng ating mga magulang.

_____ 15. Ang aming organisasyon ay naglunsad ng programa para sa kabataan.

LIVEWORKSHEETS